Mga Bakuna sa COVID-19: Pfizer at Moderna
TAKDANG-PANAHON NG IKALAWANG PANGUNAHING DOSIS

KAILAN AKO DAPAT KUMUHA NG IKALAWANG DOSIS NG BAKUNA?

Ang pinakamagandang oras para kunin ang ika-2 dosis ng pangunahing serye ay depende sa iyong indibidwal na sitwasyon.

Kung ikaw ay wala pang 65 taong gulang at wala kang mahinang sistema ng imyunidad:

- Maaari kang makinabang mula sa pagkuha ng iyong ikalawang pangunahing dosis 8 linggo pagkatapos ng iyong unang dosis, lalo na kung ikaw ay lalake edad 12-39 na taon. Ito ay dahil sa ang pagkakaroon ng mas mahabang oras sa pagitan ng una at ikalawang dosis ay maaaring madagdagan kung gaano karaming proteksyon ang iniaalok ng mga bakuna at binabawasan rin nito ang bihirang panganib ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso). Ang mga mas batang lalake (edad 12-39) ay ang may pinakamataas na panganib ng pagkakaroon ng myocarditis.
- Dapat mong kunin ang iyong ikalawang pangunahing dosis nang mas maaga kung kailangan mo ng pinakakumpletong proteksyon sa mas lalong madaling panahon: hindi bababa sa 3 linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Pfizer at hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Moderna. Ang mga halimbawa nito ay kung may mataas na pagkalat kung saan ka naninirahan, nagtatrabaho, o naglalakbay at/o kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung hindi ka sigurado tungkol sa anong takdang-panahon ang pinakamainam para sa iyong sitwasyon.

Kung ikaw ay banayad o malubhang may mahinang imyunidad (immunocompromised) at/o edad 65 taon pataas

- Dapat mong kunin nang mas maaga ang iyong ikalawang pangunahing dosis – hindi bababa sa 3 linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Pfizer at hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong ika-1 dosis ng Moderna.
- Dapat ka ring kumuha ng ika-3 pangunahing dosis na hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos ng iyong ika-2 pangunahing dosis kung ikaw ay may mahinang imyunidad (immunocompromised).



Kung ikaw ay huli sa pagkuha ng iyong ikalawang dosis, subukang kunin ito sa lalong madaling panahon na kaya mo. Maaari mong simulan ang serye ng bakuna kung saan ka tumigil. Hindi mo kailangang magsimula sa umpisa.

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules.